Republic of the Philippines
Department of Education
Deped Complex, Meralco Avenue, Pasig City

JUL 3 0 2010

DepEd MEMORANDUM
No. 340 , s. 2010

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA PAGPAPAIGTING NG KADALUBHASAAN SA WIKA AT PANITIKANG FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Puno, Pampubliko at Pampribadong Pampaaralang Elementarya at Sekondarya

1. Ang Departamento ng Filipino ng Unibersidad ng Santo Tomas (UST) ay magsasagawa ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Pagpapaigting ng Kadalubhasaan sa Wika at Panitikang Filipino sa Oktubre 25-27, 2010 sa UST Alfredo M. Velayo Multi-Purpose Hall, UST, España, Manila. Bahagi ito ng pagdiriwang ng UST ng ika-400 taong anibersaryo ng pagkakatatag nito.

2. Ang tema ng pambansang seminar-worksyap ay **"Hasaan: Pagpapalalim ng Kahusayan sa Pagtuturo, Pagsasalin at Pagsulat Tungo sa Pagpapataas ng Pansariling Kadalubhasaan at Pagpapayabong ng Disiplinang Filipino".** Pangunahing nilalayon ng pambansang seminar-worksyap na:

a. malinang ang kahusayan ng mga delegado bilang guro ng wikang Filipino, tagaplano ng kurikulum, tagasalin, iskolarling manunulat at malikhaing manunulat sa pamamagitan ng intensibong talakay at worksyap o pakitang-turo; at
b. mapataas ang antas ng pagkatuto ng Filipino sa mga paaralan at makapagbunga ng mga bagong saliksik, salin at literatura na magpapayabong sa larangan ng Filipino sa mga lokalidad at sa bansa, sa pangkalahatan.

3. Inaasahang dadalo sa gawaing ito ang mga tagapangulo at miyembro ng Kagawaran sa Filipino ng mga paaralang pang-elementarya, hayskul at kolehiyo mula sa iba't ibang panig ng bansa, mga mag-aaral sa antas di-gradwado at gradwado na nagpapakadalubhasa sa wika o panitikang Filipino o anumang kaugnay na larangan, mga tagasalin at mananaliksik sa Filipino, mga tagapamahala at kawani sa mga ahensyang nauugnay sa Filipino.

4. Ang bayad sa rehistrasyon ay Dalawang Libo at Walong Daang Piso (PhP2,800.00) para sa tatlong (3) pananghalian at anim (6) na meryenda, lugar na pagdarausan ng gawain, seminar kit, honoraria ng mga tagapagsalita, mga sertipiko at mga iba pang kaugnay na gastos.

5. Para sa inyong reserbasyon at sa mga gustong tumigil sa hotel/dormitoryo, maaaring makipag-ugnayan sa mga ko-direktor ng pambansang seminar-worksyap na sina:

G. Ronald Manalastas	**G. Alvin Ringgo C. Reyes**	**Asst. Prof. Zendel M. Taruc**
UST Opisina sa Edukasyong Panlahat	UST Kolehiyo ng Turismo at Pangasiwaang Panghospitalidad	UST Kolehiyo ng Narsing
Telepono Blg. (02) 749-9779	Mobile Phone Blg. 0917-8621- 216	Mobile Phone Blg. 0919-5667-779

6. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

BR. ARMIN A. LUISTRO FSC
Kalihim

Sanggunian:
Wala
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONFERENCES
Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
WORKSHOPS